

Tala: 1

Coronary Artery Bypass Grafting(includes abstract) Fucci MJ; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052419

Abstract: Operasyon upang ibalik ang daloy ng dugo sa kalamnan ng puso. Ginagawa ito gamit ang mga daluyan ng dugo mula sa ibang mga bahagi ng katawan upang magbigay ng daan sa paligid ng baradong mga coronary artery (ng puso).

View English

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Coronary Artery Bypass Grafting


(CABG)

ng: Editorial Staff at Contributors

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Operasyon upang ibalik ang daloy ng dugo sa kalamnan ng puso. Ginagawa ito gamit ang mga daluyan ng dugo mula sa ibang mga bahagi ng katawan upang magbigay ng daan sa paligid ng baradong mga coronary artery (ng puso).

Coronary Artery Bypass Surgery

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Puso
- Dibdib
- Mga Binti

Mga Dahilan para sa Proseso

Ang coronary artery bypass grafting (CABG) ay ginagawa upang ibalik ang suplay ng dugo sa kalamnan ng puso. Madalas itong inirerekomenda sa mga kaso ng:

- Mga malubhang pagbabara sa pangunahing artery o mga pagbabara sa maraming daluyan ng dugo
- Walang lubay na pananakit ng dibdib (angina) na hindi bumubuti sa gamot

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Mga dati nang kondisyon sa puso
- Karamdaman sa baga, lalo na chronic obstructive pulmonary disease (emphysema)
- Naunang atake sa puso o bypass surgery
- Katandaan
- Matinding pangangailangan ng operasyon
- Labis na Katabaan
- Diabetes
- Paninigarilyo
- Alta presyon
- Karamdaman sa thyroid

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- X-ray ng dibdib
- Electrocardiogram (ECG, EKG) —isang pagsusuring nagtatala sa pagtibok ng puso sa pamamagitan ng pagsukat sa mga kuryenteng dumadaan sa kalamnan ng puso
- Coronary angiogram —isang pagsusuri upang malaman ang hangganan at kinaroroonan ng mga pagbabara sa mga daluyan ng dugo sa puso

Sa mga araw palapit sa iyong operasyon:

- Huwag uminom ng aspirin o ibang mga gamot na pangontra sa pamamaga nang isang linggo bago ang operasyon, maliban kung iba ang sinabi ng iyong doktor.
- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.
- Ayusin ang sasakyan papunta at pabalik mula ospital.
- Ayusin ang makakatulong sa bahay pagbalik mula sa ospital.

Anesthesia

General anesthesia

Paglalarawan sa Proseso

Hihiwain ng siruhista ang balat at buto sa dibdib upang buksan ang dibdib. Ikinakabit ang makinang puso-baga. Hinihigop ng makinang ito ang dugo mula sa puso, dinaragdagan ng oxygen, at ibinobomba ito pabalik sa katawan.

Maaaring kumuha ang siruhista ng artery mula sa panloob ng dibdib o tanggalin ang bahagi ng ugat mula sa binti. Ang kinuhang mga ugat ay ikinakabit (grafted) sa nabarahang mga artery sa itaas at ibaba ng mga pagbabara. Kapag ang mga ikinabit na ugat ay naipuwesto na, ginagamit ang mga therapy ng kuryenteng pansindak upang umpisahang muli ang pagtibok ng puso. Tinatangal ang pagkakakabit ng makinang puso-baga. Pinagdurugtong ng alambre ang buto ng dibdib at isinasara ang dibdib.

Ang iba ay gumagamit ng hindi gaanong mapaminsalang pamamaraan, tinatawag na minimally invasive coronary artery surgery. Ang layunin ng operasyong ito ay pareho ngunit ang mga paraan at paggagamitan ay magkaiba. Ang mga pasyenteng mayroon lamang isa o dalawang nabarahang mga artery ay mga kandidato para sa paraang ito.

Sa paraang ito, ginagawa ang maliit na hiwa sa dibdib, sa ibabaw ng bahagi ng baradong artery. Kadalasang gumagamit ang siruhista ng artery mula sa loob ng dibdib upang gamitin sa bypass. Ang pangunahing pagkakaiba sa paraang ito ay nag-oopera ang siruhista habang tumitibok ang puso. Sa paraang ito maiiwasan mo ang paggamit ng makinang puso-baga. May pangako ang uring ito ng operasyon, ngunit kailangang timbangin ang mga pakinabang at panganib para sa bawat indibidwal. Kausapin ang iyong doktor kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

Pagkatapos ng Proseso

Magkakaroon ka ng masusing pagbabantay at pagsusubaybay sa intensive care unit. Ikakabit ka sa iba't ibang mga tubo at monitor, kabilang ang:

- Monitor ng puso
- Mga alambreng nagtatakda ng bilis upang tumulong sa pagkontrol sa tibok ng puso
- Mga tubong nakakonekta sa isang makinang tumutulong na patuluin ang sobrang dugo at hangin mula sa sugat
- Tubo sa paghinga hanggang makakaya mo na mismong huminga; pagkatapos ay maskara ng oxygen
- Catheter sa pantog

Gaano Katagal Ito?

4-5 na oras

Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang sakit habang inooperahan. Maaaring bigyan ka ng mga gamot para sa anumang pananakit habang nagpapagaling.

Mga Posibleng Kumplikasyon

- Impeksiyon
- Pulmunya
- Phlebitis (mga pamumuo ng dugo sa ugat), na maaaring humantong sa atake sa puso o stroke
- Mataas o mababang presyon ng dugo
- Labis na pagdurugo
- Mga kakulangang neurological, kawalang-ulirat (stupor), coma , o nabawasang pagganap ng pag-iisip
- Stroke
- Di-normal na paggana ng bato
- Di-regular na tibok ng puso
- Labis na pagkalungkot
- Pagkamatay

Karaniwang Pananatili sa Ospital

5-7 na araw

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Inumin ang mga gamot ayon sa bilin ng iyong doktor. Kasama dito ang mga:
 - Gamot sa presyon ng dugo

- Digitalis—upang tulungan ang iyong pusong magbomba nang mas malakas
- Anti-arrhythmics—upang panatilihin ang mga ritmo ng iyong puso
- Mga pampalabnaw ng dugo—upang pigilin ang mga pamumuo ng dugo
- Upang mabawasan ang panganib sa pag-ipon ng likido sa iyong mga baga, huminga nang malalim at umubo 10-20 beses kada oras.
- Kung tinanggal ang ugat sa binti, iangat ang iyong mga binti na mas mataas kaysa iyong puso habang nakaupo at huwag magdekuwatro.
- Sa araw pagkatapos ng operasyon, subuking maglakad nang may tulong.
- Tatanggalin ang mga benda pagkatapos ng isa o dalawang araw; tatanggalin ang mga alambreng nagtatakda ng bilis at mga tubo sa dibdib pagkatapos ng ilang araw.
- Matutunaw ang mga tahi sa loob; tatanggalin ang mga pikoleta (staple) 5-7 araw pagkatapos ng operasyon.
- Matatanggal ang mga maliliit na piraso ng papel sa mga hiwa at maaaring tanggalin isang linggo pagkalabas ng ospital.
- Pagdating sa bahay, inumin lamang ang mga gamot na pinahintulutan ng iyong doktor, kunin ang iyong temperatura dalawang beses sa maghapon, at kunin ang iyong timbang tuwing umaga.
- Sundin ang programa ng gawain at pagpapanumbalik ng kakayahan ng puso ayon sa inirekomenda ng iyong doktor upang pabilisin ang paggaling at pabutihin ang kalusugang cardiovascular.

Resulta

Hindi pinagagaling ng bypass surgery ang sakit sa puso. Maaari ring magbara ang mga inilipat na daluyan ng dugo. Hihikayatin kang gumawa ng mga pagbabago sa pamumuhay upang pabutihin ang iyong kalusugang cardiovascular. Kasama dito ang mga:

- Regular na pag-eehersisyo
- Hindi paninigarilyo
- Kumain ng wastong diyatang nakakabuti sa puso—isang mababa sa saturated na taba, simpleng asukal, at asin, at mataas sa fiber, mga prutas, at mga gulay

Tanungin ang iyong doktor para sa pagsangguni sa isang rehistradong dietitian kung kailangan mo ng tulong sa pagpapalit sa iyong mga nakagawiang diyeta. Karamihan ng mga pasyente ay nakakabalik sa pang-opisinang uri ng trabaho sa 4-6 na linggo.

Ayon sa isang muling pag-aaral sa 23 mga pananaliksik, ang mga pasyenteng tumanggap ng CABG ay nagkaroon ng mas maraming ginhawa sa angina at mas kaunting pangangailangan para sa isa pang kaparehong proseso kaysa mga pasyenteng tumanggap ng percutaneous coronary intervention (PCI). Kabilang sa PCI ang mga paraang gumagamit ng balloon angioplasty o coronary stenting . *

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido sa mga hiwa
- Ubo, kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o malubhang pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihing, o madalas na pag-ihing, o tuluy-tuloy na pagdurugo sa ihing
- Pagbigat nang higit sa apat na libra sa isa o dalawang araw
- Pananakit at/o pamamaga ng iyong mga paa, kalamnan sa binti, o mga binti, o biglaang kahirapan sa paghinga o pananakit ng dibdib

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
Numero ng Item: 2010052419